# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 36

"10 Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian ng langit." (Mateo 5:10) Ang kabanalan ng Diyos sa atin ay kapag tayo ay inuusig alang alang sa katuwiran, alang alang sa gawain, o pagsasabi o pagiisip at pagkakaroon ng pagpapahalaga sa kung ano ang tama, pagkatapos ang Diyos ang magpapala sa atin sa pagbibigay sa atin ng Kaharian ng Diyos.

Ang pagdurusa ng mga banal ay mahirap na kaso; sila'y inuusig, inaabangan, hinahabol, ibinababa, at tinatrato bilang isang mapinsalang hayop na hinahangad na mapuksa; sinumang makasumpong sa kanila ay maaaring patayin sila; sila ay iniwanan; pinagmulta, nilayasan, pinakulong, pinagbawalan, inalis ang kanilang ari arian, ibinukod sa lahat ng lugar ng kita at pagtitiwala, mga salot, pinahirapan, palaging inihahatid sa kamatayan at itinuring na isang tupa para sa patayin.

Ang paguusig na ito at pagdurusa ay epekto ng poot ng binhi ng ahas, ang diyablo, laban sa banal na binhi, ang mga anak ng Diyos, mula sa panahon ng matuwid na si Abel. Ang diyablo ay ginamit ang mga tao upang mangusig ngunit hindi tayo nagagalit sa mga tao sapagkat sila ay nalinglang ng diyablo kung saan ay ginagamit sila upang atakihin tayo. Ito ay nasa panahon ng Lumang Tipan, gaya ng ating mababasa sa Hebreo 11, "35 Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli: at ang iba'y nangamatay sa hampas, na hindi tinanggap ang kanilang katubusan; upang kamtin nila ang lalong mabuting pagkabuhay na maguli:36 At ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok sa pagkalibak at pagkahampas, oo, bukod dito'y sa mga tanikala at bilangguan naman:37 Sila'y pinagbabato, pinaglagari, pinagtutukso, pinagpapatay sa tabak: sila'y nagsilakad na paroo't parito na may balat ng mga tupa't kambing: na mga salat, nangapipighati, tinatampalasan;38 (Na sa mga yaon ay hindi karapatdapat ang sanglibutan), na nangaliligaw sa mga ilang at sa mga kabundukan at sa mga yungib, at sa mga lungga ng lupa." (Hebreo 11:35-38)

Sinabi sa atin ni Cristo na ang simbahang Kristiyano ay haharap at dadaan sa panguusig, at huwag natin iisipin na mas mataas tayo, o ito ay kakaiba kapag humarap tayo sa panguusig: "1 Ang mga bagay na ito'y aking sinalita sa inyo, upang kayo'y huwag mangatisod.2 Kayo'y palalayasin nila sa mga sinagoga: oo, dumarating ang oras, na ang sinomang pumatay sa inyo ay aakalaing naghahandog siya ng paglilingkod sa Dios.3 At ang mga bagay na ito'y gagawin nila, sapagka't hindi nila nakikilala ang Ama, ni ako man. 4 Datapuwa't ang mga bagay na ito'y sinalita ko sa inyo, upang kung dumating ang kanilang oras, ay inyong mangaalaala, kung paanong sinabi ko sa inyo. At ang mga bagay na ito'y hindi ko sinabi sa inyo buhat pa nang una, sapagka't ako'y sumasa inyo." (Juan 16:1-4)

Ganon din si Apostol Pablo ay nagsalita ng katulad: "Huwag kayong mangagtaka, mga kapatid, kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan." (1 Juan 3:13) Kaya't tayo ay kamumuhian bilang tayo ay tagasunod ni Cristo at hindi dapat tayong mamangha kung yaon ay nangyayari sa atin.

Paano kung ang sanglibutan ay iniibig tayo? Alam mo may ilang pagkakataon ako'y nagdududa sa aking sarili sapagkat nakikita ko ang maraming bilang ng mga taong nagmamahal sa akin. Si Jesus ay nag iwan ng isang mabuting halimbawa na siya ay minahal ng mga disipolo ngunit Siya ay kinamuhian ng sanglibutan. Ngunit hindi lahat ng mga disipolo ay nagmahal kay Jesus, sapagkat alam natin na marami sa Kanyang disipolo ay iniwan siya. "66 Dahil dito'y marami sa kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya.67 Sinabi nga ni Jesus sa labingdalawa, Ibig baga ninyong magsialis din naman?68 Sinagot siya ni Simon Pedro, Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.69 At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang Banal ng Dios.70 Sinagot sila ni Jesus, Hindi baga hinirang ko kayong labingdalawa, at ang isa sa inyo ay diablo?71 Tinukoy nga niya si Judas na anak ni Simon Iscariote, sapagka't siya ang sa kaniya'y magkakanulo, palibhasa'y isa sa labingdalawa." (Juan 6:66-71) Sa Juan 6 ang karamihan na sumunod kay Jesus ay iniwan Siya. Maraming disipolo ang iniwan Siya. Ang labindalawa ang nanatili ngunit si Judas Iscariote sa huli ay nagtaksil. Kaya't mabuti kung tayo ay iniibig ng mga disipolo at dapat nating asahan na tayo ay kamumuhian ng sanglibutan o ng mga umiibig sa sanglibutan.

Ang mga disipolo at ang mga apostoles ni Jesus ay nilalait, at ang lahat ng uri ng kasamaan ay sinabi sa kanila ng kasinungalingan. Palayaw, walang katotohanang mga salaysay, gawa gawang kwento, kasinungalingan at mga pangalan ng paninisi, ay nakatali sa kanila sa partikuar na tao, at sa henerasyon ng matutuwid sa pangkalahatan, upang gawin silang kasuklam suklam; minsan upang gawin silang kakila kilabot, upang sila ay lubos na kapootan at patayin.

Sa ilang panahon na ang mga bagay ay inilalagay sa kanilang mga pananagutan na hindi nila alam. "Mga saksing masasama ay nagsisitayo; sila'y nangagtatanong sa akin ng mga bagay na di ko nalalaman." (Awit 35:11) Kapag ikaw ay inuusig maari nilang sabihin sayo na ikaw ay mapanganib, sinisira mo ang buhay ng mga tao, at kinabukasan, o ikaw ay diktador, isang manlilinlang, kulto, mapagimpluwensya, bulaang propeta katulad ng nangyari kay Jeremiah; sila'y nagsasalita sa kanyang likuran na nagdulot sa kanya ng sakit at kalungkutan, "Bakit nga ako'y nalabas sa bahay-bata upang makakita ng hirap at kapanglawan, upang ang aking mga araw ay manaw na may kahihiyan?"(Jeremiah 20:18) at katulad ng nangyari sa mga apostol at sa mga alagad, "6 At nang hindi sila mangasumpungan, ay kanilang kinaladkad si Jason at ang ilang kapatid sa harap ng mga punong bayan, na ipinagsisigawan, Itong mga nagsisipagtiwarik ng sanglibutan, ay nagsiparito rin naman;7 Na tinanggap sila ni Jason: at ang lahat ng mga ito ay nagsisigawa ng laban sa mga utos ni Cesar, na nagsasabing may ibang hari, si Jesus." (Mga Gawa 17:6-7) Inakusahan nila si Jason na tinanggap niya ang mga Apostoles sa kanyang bahay, at inakusahan nila ang mga apostol ng isang mabigat na paratang na binaligtad nila ang mundo, (Oo ating ibinaligtad ang mundo ng katuruan ng Salita ng Diyos) at inakusan nila sila na sila'y labag kay Cesar habang kanilang ipinapahayag ang iba pang hari na si Jesus. Oo dapat nating baligtarin ang mundo sa katuruan ng Salita ng Diyos.

Halimbawa, ang sanglibutan ay itinuturo ang ilang mga bagay tungkol sa pagaasawa, pamilya, pananalapi, edukasyon, pagpapalaki ng bata, ngunit ang Salita ng Diyos ay nagtuturo ng bagay na kakaiba tungkol sa lahat ng paksang ito. Binaligtad ko ang sanglibutan sa katuruan ng Salita ng Diyos. May magandang bilang ako ng mga taong namumuhi sa akin dahil sa kung anong aking itinuturo ng Diyos

ng Sanglibutan. Ganon din ipinahayag natin sa mga tao na may ibang Hari na ang pangalan ay Jesus at kailangan nilang maging tapat sa Kanya. Oo, ang lahat ng Sanglibutan ay kailangang maging tapat at paksa kay Jesus, ang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon.

Masamang pangalan at mga kwento ay nagawa laban sa mga alagad at apostol at ang mga tagasunod mi Cristo. Ito din ay magaganap kapag walang ibang bagay na magagawa laban sa mga alagad. Ang pasalitang masamang salita na ito ay magkakaroon ng pinsala at sakit sa buhay ng mga alagad. Sa mga walang kapangyarihan sa kanilang mga kamay upang gawin sa mga alagad ang alinmang iba pang kasamaan, ay magagawa pa ito gamit ng masasamang salita laban sa kanila. Ang paguusig sa atin ay walang kapangyarihan usigin tayo ng walang pagsasalita ng masamang salita laban sa atin ng may maling paratang upang bigyang katwiran ang kanilang sarili at ang kanilang paglusob sa atin sa pamamagitan ng unang pagpapakilala sa atin bilang masamang tao.

Lalaitin ka nila, at gagawan ng mga kwento laban sayo at magdadala ng maraming ebedinsya laban sayo upang maari ka nilang usigin. May magandang bilang ako ng mga tao na nagsalita ng masama at malupit na bagay laban sa akin bagkus sila'y gumagawa pa ng higit, hindi dahil takot sila sa Diyos, kundi ang kapangyarihan ng pamahalaan dito ay may mabuting seguridad kung hindi sa aking mahinang katawan ay madali akong lusubin at apihin mismo sa lugar ko. Ngunit ang mga tao ay natatakot na saktan ako sapagkat sila'y madaling makita at madaling parusahan. May nagsabi nito, susubaybayan ko siya sa labas ng bansa at papatayin siya. Ang lugar kung saan ako naninirahan ay iniuusig ako sa iba't ibang aspeto ngunit ang aking sarili ay napanatili mula sa kamatayan at pisikal na mga pangaabuso. Ako ay pinagbantaan ng paulit ulit ngunit hindi pa nakakatanggap ng pisikal na trauma, at ako'y nagpapasalamat sa Diyos para doon. Ngunit ako'y puno ng pagibig at kagalakan kapag ako ay inuusig. Ang paguusig ay pinagtibay ng mensaheng na aking ipinapangaral sa mga tao ay mula sa Diyos.

Ang panlalait at paguusig ay iba pang layunin nito na ang kaaway , ang diyablo , na gumagamit sa mga tao laban sayo, ay upang panghinaan ka at magsanhi sayo ng sakit, nais niya pigilan ka mula sa pasulong sa paglilingkod kay Cristo at ipangaral ang Kanyang Salita.

Paano harapin ang panlalait? Matutunan huwag maging masaya kung ang mga tao ay nagsasalit ng mabuti tungkol sayo. Marami ang humahanga sa akin ngunit sa huli sila ay naging aking Absalom. Ganon din huwag magalit o maapektuhan kung nilalait ka nila. Suriin ang iyong sarili sa Salita ng Diyos. Kung ginagawa mo ang Salita ng Diyos magalak at magbunyi, ngunit kung hindi sa gayon magsisisi at bumalik sa Diyos. Ang salita ng mga tao at opinyon ay wala sa pamantayan ng Salita ng Diyos.

Ang panlalait at paguusig ay isa pang layunin nito na ang kaaway , ang diyablo, na gumagamit sa mga tao laban sayo, ay upang panghinaan ka at magsanhi sayo ng sakit, nais niya pigilan ka mula sa pasulong sa paglilingkod kay Cristo at ipangaral ang Kanyang Salita. Sa gayon sa paguusig kailangan nating magpatuloy upang maglingkod sa Diyos at upang ipangaral ang Kanyang Salita na ang kaaway ay masikap na gumagawa upang pigilan tayo.

"Mapapalad ang mga pinaguusig dahil sa katuwiran: sapagka't kanila ang kaharian ng langit."(Mateo 5:10) Ano ang ibig sabihin niya dito, "alang alang sa katuwiran:" ay dahil sa matuwid at maka-Diyos na pag-uusap na mayroon tayo, kung saan magdadala sa atin ng kamuhian at poot sa mga tao ng sanglibutan: sapagkat kung tayo ay mabuhay bilang mga banal, ng pamumuhay ng matuwid, paghihiwalay sa ating sarili mula sa masama at sa sanglibutan, at gaya ng ating ipinapahayag na hindi tayo kabilang sa kanila; ang pagtatakda ng ating buhay na naiiba sa kanila, sa gayon sa ganito sila ay sinasaway at hinahatulan para sa kanilang masamang pamumuhay at kasanayan; dagdag pa doon kung papayuhan natin sila, at ganoon ay mapupuno sila ng galit at kapaitan laban sa atin, at sisimulan nilang usigin tayo.

Alang alang sa katuwiran: marahil ibig sabihin para sa kapakanan ng katuwiran, ang kapakanan ni Cristo at ang Kanyang Mabuting balita; para sa paggawa ng pagpapahayag kay Cristo, pagpapakita ng pagmamalasakit para sa Kanyang interes, at sa pakikibahagi sa isang pagpapatunay ng Kanyang pagkatao at mga katotohanan, ang mga banal ay inilalantad ang kanilang sarili sa matinding poot at paguusig ng mga tao: at lalo na, tayo ay inuusig para sa pangangaral, pagpapanatili, o pagyakap, ng doktrina ng katuwiran, na ang tao mapawalang-sala lamang sa pamamagitan ng gawa ng katuwiran ni Kristo.

Ang paguusig ay alinman sa salita ng dila, sa pamamagitan ng malupit na panunuya at paninising wika; o tunay, sa mga gawa, katulad ng pagkumpiska ng mga ari arian, pagaalyansa, mga parusa, pagpapatapon, pagpapkulong ng katawan, iba't ibang pisikal na pananakit, at hindi malulutas na uri ng kamatayan gaya ng inilalarawan ng sa Hebreo 11:35-38.

Sapagkat sa kanila ang kaharian ng langit: Kung napagdaanan natin ang paguusig na yaon at tiniis ito sa gayon para sa atin ang Kaharian ng Diyos. Kung walang paguusig sa gayon ito ay hindi para sa ating ang Kaharian ng Diyos.

Hindi dapat tayong maghirap para sa kasalanan na ating nagawa, kundi alang alang kay Cristo sa pagpaparangal sa Kanya at pagtanggol sa Kanyang banal na nilalang na tao sa pagiging Diyos na lumitaw sa laman, o sa pagpapangaral at pagtayo sa Kanyang Salita na ipinapayo Niya sa atin upang ipangaral at sundin.

Nang Kanyang sinabi, sapagkat sa kanila ang kaharian n langit, ibig sabihin kung iniiwasan ko ang paguusig o pagtanggi sa paguusig sa gayon ako ay tumatanggi at tinatanggihan ang Kaharian ng Diyos.

"11 Mapapalad kayo pagka kayo'y inaalimura, at kayo'y pinaguusig, at kayo'y pinagwiwikaan ng sarisaring masama na pawang kasinungalingan, dahil sa akin."(Mateo 5:11) Tandaan, ang panlalait sa mga banal sa kanila (pangiinsulto, pangaabuso sa salita, paghamak, pagkundena, pagalipusta, tuyain, batikusin paninirang puri, patigilin, sawayin, kausapin ng galit, pagalitan, pagsabihan,at sumbatan, tuyain, malupit na panunuya, gaya ng ating mababasa dito: "At ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok sa pagkalibak at

pagkahampas, oo, bukod dito'y sa mga tanikala at bilangguan naman:"(Hebreo 11:36) Aking naranansan ang panlalait sa aking ministerio sa Diyos. Sapagkat sa ganoong klase ng pananalita paparusahan ng Diyos ang mga gumawa ng ganoon para sa kanilang malupit na pananalita, "Upang isagawa ang paghuhukom sa lahat, at upang sumbatan ang lahat ng masasama sa lahat ng kanilang mga gawang masasama na kanilang ginawang may kasamaan, at sa lahat ng mga bagay na mabibigat na sinalita laban sa kaniya ng mga makasalanang masasama."(Judas 1:15)

Sila ay magsasabi ng lahat ng uri ng kasamaan tungkol sa iyo ng kasinungalingan; minsan bago sa upuan ng paghatol, kasama ng mapagkunwaring panunuya sa kapistahan at mga pagdiriwang bilang saksi laban sayo, dadalhin ka nila sa awtoridad; minsan sa upuan ng mga nanlilibak gaya ng ginawa nila kay Naboth nang kanilang inakusan siya na nilaspatangan niya ang Diyos at ang hari at sa huli binato siya at ang kanyang mga anak upang kanilang makuha ang kanyang ubasan mula sa kanya.

Ating basahin at pagnilayan sa totoong kwentong ito, kung paano nilang binuo ang masama laban kay Naboth, at kung paanong ang Diyos sa pamamagitan ng propetang si Elias ay ipinadala sa kanila ang mensahe tungkol sa kaparusahan na kanilang matatanggap sa pagpatay sa inosenteng dugo:

"1 At nangyari, pagkatapos ng mga bagay na ito, na si Naboth na Jezreelita ay mayroong isang ubasan na nasa Jezreel, na malapit sa bahay ni Achab na hari ng Samaria.2 At sinalita ni Achab kay Naboth, na sinabi, Ibigay mo sa akin ang iyong ubasan, upang aking tangkilikin na pinaka halamanang pananim, sapagka't malapit sa aking bahay; at aking ipapalit sa iyo na kahalili niyaon ang isang mainam na ubasan kay sa roon; o kung inaakala mong mabuti, aking ibibigay sa iyo ang halaga niyaon na salapi.( Ngayon sa mungkahi ni Haring Ahab ito'y mukhang maganda. Tinanong niya si Naboth upang ipagbili ito sa kanya o ipagpalit ito sa ibang ubasan. Ngayon ating basahin kung anong isinagot ni Naboth sa kanya. 3 At sinabi ni Naboth kay Achab, Huwag itulot ng Panginoon sa akin, na aking ibigay ang mana sa aking mga magulang sa iyo. Ang dahilan sa pagtanggi ni Naboth ay nasa Bibliya at yaon ay hindi niya talagang kayang isuko o ipagpalit ang kanyang lupain sa ibang lupain. Ibinigay ng Diyos ang lupain sa mga Israelita at sinabihan Niya si Moises na ipamahagi ang lupa sa pamamagitan ng palabunutan sa mga tribo at bawat tribo upang ipamahagi sa mga angkan at pamilya nito, kaya hindi kayang ipagpalit ni Naboth o ipagbili, ngunit kinakailangan niyang ipasa ito sa kanyang mga anak. Kung si Ahab ay nagtanong sa kanya upang magtanim para sa kanya at bigyan siya ng mga halaman at prutas o hayaan siyang magtanim sa bahagi nito kapalit ng tiyak na kita, ito ay maaring maging posible upang makipagkompromiso doon at sumuko sa kanyang hangarin. Kung ito ang kaso ay susuriin ng sanglibutan, walang masama sa hinihingi ni Ahab na gawin, ngunit ayon sa Banal na Kasulatan ito ay hindi posible na isuko sa kahilingan ni Ahab, kahit na siya ay hari, sapagkat sa kanyang hinihingi ay salungat sa Salita ng Diyos. Kaya't sa paguusig maaring sinusubukan nating gawin ang lahat ng ating makakaya upang maiwasan ang mga sagupaan at komprontasyon ngunit sa wakas kapag sinira ng kaaway ang Salita ng Diyos ay hindi tayo dapat sumuko sa kanyang kahilingan. Hinahayaan ko ang mga tao sumakay sa aking likod, hayaan silang hamakin ako ngunit hindi ko hahayaan ang Salita ng Diyos ay masira. Maaring hindi nalalaman ni Ahab kung ano ang kanyang hinihingi, ngunit nalalaman ng diyablo at kailangan nating maging alisto ng kung anong sinusubukan ng diyablo na gawin sa atin na kainin ng kanyang kasamaan. Si Naboth ay hindi habol sa materyal na pamana mula sa kanyang ama ngunit sa alintunin ng Diyos na hindi masira upang paluguran ang tao, ang hari. Ating gagawin ang lahat sa anong ating makakaya upang tiisin ang presyon ng mga tao at ng diyablo na likod nila, ngunit kapag ang Salita ng Diyos ay masisira kailangan nating huwag makipagkompromiso at tiisin ang tunay na paguusig. 4 At pumasok si Achab sa kaniyang bahay na yamot at lunos dahil sa salita na sinalita ni Naboth na Jezreelita sa kaniya: sapagka't kaniyang sinabi, Hindi ko ibibigay sa iyo ang mana sa aking mga magulang. ( Si Naboth ay nanindigan at tumangging masira ang Salita ng Diyos; kailangan nating gawin ang katulad), At siya'y nahiga sa kaniyang higaan, at ipinihit ang kaniyang mukha, at ayaw kumain ng tinapay.5 Nguni't si Jezabel na kaniyang asawa ay naparoon sa kaniya, at nagsabi sa kaniya, Bakit ang iyong diwa ay totoong malungkot na hindi ka kumakain ng tinapay?6 At sinabi niya sa kaniya, Sapagka't nagsalita ako kay Naboth na Jezreelita, at nagsabi sa kaniya, Ibigay mo sa akin ang iyong ubasan sa kahalagahang salapi; o kung dili, kung iyong minamabuti, papalitan ko sa iyo ng ibang ubasan: at siya'y sumagot, Hindi ko ibibigay sa iyo ang aking ubasan.7 At sinabi ni Jezabel na kaniyang asawa sa kaniya, Ikaw ba ngayon ang namamahala sa kaharian ng Israel? ikaw ay bumangon, at kumain ng tinapay, at pasayahin mo ang iyong puso: aking ibibigay sa iyo ang ubasan ni Naboth na Jezreelita.( Si Jesebel ay isa sa nagpakilala sa pagsamba kay Baal sa Israel, at nagplano ng paguusig kay Naboth na tumayo sa Salita ng Diyos).8 Sa gayo'y sumulat siya ng mga sulat sa pangalan ni Achab, at pinagtatakan ng kaniyang tatak; at ipinadala ang mga sulat sa mga matanda at sa mga maginoo na nangasa kaniyang bayan, at nagsisitahang kasama ni Naboth.9 At kaniyang isinulat sa mga sulat, na sinasabi, Mangagtanyag kayo ng isang ayuno at ilagay ninyo si Naboth sa pangulo na kasamahan ng bayan:( Siya ay sumulat sa kanya na kanilang pinaratangan at sisiraan si Naboth habang sila'y naglalagay ng huwad na pagaayuno. Kaya ginawa nila ito sa pangalan ng Panginoon sa maayos na banal na kapaligiran upang linlangin ang mga tao na sila'y Makadiyos na mga tao). 10 At lumagay ang dalawang lalake na mga hamak na tao sa harap niya, at mangagsisaksi laban sa kaniya, na magsipagsabi, Ikaw ay namusong sa Dios at sa hari. ( Ang mga lalaki ni Beleial ay mga tao ni Satanas upang sabihin ang huwad na mga kwento upang usigin si Naboth).At ilabas nga siya, at batuhin siya upang siya'y mamatay.11 At ginawa ng mga tao sa kaniyang bayan, sa makatuwid baga'y ng mga matanda at ng mga maginoo na nagsisitahan sa kaniyang bayan, kung ano ang ipinagutos ni Jezabel sa kanila, ayon sa nangasusulat sa mga sulat na kaniyang ipinadala sa kanila.12 Sila'y nangagtanyag ng isang ayuno, at inilagay si Naboth sa pangulo na kasamahan ng bayan.13 At ang dalawang lalake na mga hamak na tao ay nagsipasok at nagsiupo sa harap niya: at ang mga lalake na hamak ay nagsisaksi laban sa kaniya, sa makatuwid baga'y laban kay Naboth sa harap ng bayan, na nagsisipagsabi, Si Naboth ay namusong sa Dios at sa hari.( Ito ay huwad na paratang sa pamamagitan ng dalawang masasamang tao na bumuo ng kasinungalingan laban sa kanya)Nang magkagayo'y inilabas nila sa bayan, at binato nila siya ng mga bato, na anopa't siya'y namatay.( Si Naboth ay hindi binatong nagiisa, kundi binato nila ang kanyang anak upang walang magmana ng lupa). 14 Nang magkagayo'y sila'y nagsipagsugo kay Jezabel, na nagsisipagsabi, Si Naboth ay pinagbatuhanan, at patay.15 At nangyari, nang mabalitaan ni Jezabel na si Naboth ay pinagbatuhanan, at patay, na sinabi ni Jezabel kay Achab, Ikaw ay bumangon, ariin mo ang ubasan ni Naboth, na Jezreelita na kaniyang ipinagkait na ibigay sa iyo sa halaga ng salapi: sapagka't si Naboth ay hindi buhay, kundi patay.16 At nangyari, nang mabalitaan ni Achab na patay si Naboth, na bumangon si Achab na bumaba sa ubasan ni Naboth na Jezreelita, upang ariin.( Dito si Naboth ay namatay pagkatapos niyang manindigan sa kanyang katuwiran. Sinabi ni Jesus ang tungkol sa mga iniuusig na sa kanila ang Kaharian ng Diyos, at hindi lamang yaon, kundi ganon din "Sapagkat malaki ang ganti sa inyo ng langit".(Mateo 5:12) Kaya't dito ang gantimpala ng

mga pinaguusig ay ang langit at hindi ang mundo. Sa kung anong nangyari, ipinadala ng Diyos ang isang propesiyang mensahe kay Ahab tungkol sa kung anong mangyayari sa kanya at sa kanyang kaapu apuhan dahil sa kangyang ginawa kay Naboth at sa kanyang mga anak. Ipinadala ng Diyos si Elias ng may mabigat na mensahe tungkol sa pagdating ng Kanyang paghatol.17 At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Elias na Thisbita, na nagsabi, 18 Bumangon ka, panaugin mong salubungin si Achab na hari ng Israel, na tumatahan sa Samaria: narito, siya'y nasa ubasan ni Naboth na kaniyang pinapanaog upang ariin.19 At iyong sasalitain sa kaniya, na sasabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon, Iyo bang pinatay at iyo rin namang inari? at iyong sasalitain sa kaniya, na sasabihin, Ganito ang sabi ng Panginoon, Sa dakong pinaghimuran ng mga aso ng dugo ni Naboth ay hihimuran ng mga aso ang iyong dugo, sa makatuwid baga'y ang iyong dugo.20 At sinabi ni Achab kay Elias, Nasumpungan mo ba ako, Oh aking kaaway? At sumagot siya, Nasumpungan kita: sapagka't ikaw ay napabili upang gumawa ng kasamaan sa paningin ng Panginoon. 21 Narito, aking dadalhan ng kasamaan ka, at aking lubos na papalisin ka, at aking ihihiwalay kay Achab ang bawa't anak na lalake, at ang nakukulong at ang naiwan sa kaluwangan sa Israel.22 At aking gagawin ang iyong sangbahayan na gaya ng sangbahayan ni Jeroboam na anak ni Nabat, at gaya ng sangbahayan ni Baasa na anak ni Ahia, dahil sa pamumungkahi na iyong iminungkahi sa akin sa galit, at iyong pinapagkasala ang Israel.23 At tungkol kay Jezabel ay nagsalita naman ang Panginoon, na nagsabi, Lalapain ng mga aso si Jezabel sa tabi ng kuta ng Jezreel.24 Ang mamatay kay Achab sa bayan ay lalapain ng mga aso; at ang mamatay sa parang ay tutukain ng mga ibon sa himpapawid.25 (Nguni't walang gaya ni Achab na nagbili ng kaniyang sarili upang gumawa ng kasamaan sa paningin ng Panginoon, na hinikayat ni Jezabel na kaniyang asawa. 26 At siya'y gumawa ng totoong karumaldumal sa pagsunod sa mga diosdiosan, ayon sa lahat na ginawa ng mga Amorrheo, na pinalayas ng Panginoon sa harap ng mga anak ni Israel.( Si Elias ay matapang na ipinahayag ang paghatol ng Diyos kay Ahab at sa kanyang sangbahayan at sa mensaheng yaon ay nagawang matakot ni Ahab sa paghatol ng Diyos) 27 At nangyari, nang marinig ni Achab ang mga salitang yaon, na kaniyang hinapak ang kaniyang mga damit, at nagsuot ng kayong magaspang sa kaniyang katawan, at nagayuno, at nahiga sa kayong magaspang, at lumakad ng marahan.28 At ang salita ng Panginoon ay dumating kay Elias na Thisbita, na sinabi, 29 Nakita mo ba kung paanong si Achab ay nagpakababa sa harap ko? sapagka't siya'y nagpakababa sa harap ko, hindi ko dadalhin ang kasamaan sa kaniyang mga kaarawan: kundi sa mga kaarawan ng kaniyang anak dadalhin ko ang kasamaan sa kaniyang sangbahayan."(1 Hari 21:1-29) Si Naboth ay nanindigan sa katotohanan na hindi niya kayang isuko ang kanyang minana na nagmula sa Panginoon, at kaya naman siya'y pinagusig. Hindi dahil hinahangad niya kanyang lupain kundi hinahangad niya ang katotohanan. May panahon na hindi natin kayang gawin ang ilang mga bagay na hinihiling ng mga tao sa atin, hindi dahil sa ating pagmamahal sa materyal na mga bagay bagkus ito ay salungat sa katotohanan. Kaya't nang siya ay tumanggi, ang binuong kwento at ang isang kwento ng senaryo ay itinaas laban sa kanya at siya ay nilait at nilibak at hinatulan ng huwad at binato para lamang sa kanyang lupain. Ipinadala ng Diyos si Elias upang ipahayag sa kanya ang paghatol ng Diyos sa kanyang sangbahayan. Si Ahab ay natakot nang kanyang narinig ang paghatol ng Diyos at siya ay nagpakumbaba at kaya naman ang paghatol ng Diyos ay ibinigay sa kanyang mga inapo hindi sa kanyang panahon.

Hindi iiwan ng Diyos ang mga umuusig sa atin ng hindi napaparusahan. Hindi yaon ang ating puso ay galit o may sama ng loob laban sa kanila, kundi ang Diyos Mismo ang hahatol sa kanila at parusahan sila. Si Jehu ang naglapat ng kaparusahan ng Diyos sa sangbahayan ni Ahab para sa dugo ni Naboth at sa kanyang mga anak, ating mababasa yaon sa 2 Mga Hari 9, "22 At nangyari, nang makita ni Joram si Jehu, na kaniyang sinabi, Kapayapaan ba Jehu? At siya'y sumagot. Anong kapayapaan, habang ang mga pakikiapid ng iyong inang si Jezabel at ang kaniyang panggagaway ay totoong lumalala? 23 At ipinihit ni Joram ang kaniyang mga kamay, at tumakas, at nagsabi kay Ochozias. May paglililo, Oh Ochozias.24 At binunot ni Jehu ang kaniyang busog ng kaniyang buong lakas, at sinaktan si Joram sa pagitan ng kaniyang mga balikat, at ang pana ay lumagpas sa kaniyang puso, at siya'y nabuwal sa kaniyang karo.25 Nang magkagayo'y sinabi ni Jehu kay Bidkar na kaniyang punong kawal: Itaas mo, at ihagis mo sa bahagi ng bukid ni Naboth na Jezreelita: sapagka't alalahanin mo kung paanong ako't ikaw ay sumakay na magkasama na kasunod ni Achab na kaniyang ama, na ipinasan ng Panginoon ang pasang ito sa kaniya; 26 Tunay na aking nakita kahapon ang dugo ni Naboth, at ang dugo ng kaniyang mga anak, sabi ng Panginoon; at aking sisiyasatin sa iyo sa panig na ito, sabi ng Panginoon. Ngayon nga'y kunin mo, at ihagis mo sa panig ng lupa, ayon sa salita ng Panginoon."(2 Mga Hari 9:22-26) Si Jesebel bilang inaapi at ang kanyang dugo ay hinimod ng mga aso "30 At nang si Jehu ay dumating sa Jezreel nabalitaan ni Jezabel; at kaniyang kinulayan ang kaniyang mga mata, at ginayakan ang kaniyang ulo, at dumungaw sa dungawan.31 At samantalang si Jehu ay pumapasok sa pintuang-bayan, kaniyang sinabi, Kapayapaan ba ikaw Zimri, ikaw na mamamatay sa iyong Panginoon?32 At kaniyang itiningala ang kaniyang mukha sa dungawan, at nagsabi, Sino ang sa ganang akin? sino? At dinungaw siya ng dalawa o tatlong bating.33 At kaniyang sinabi, Ibagsak ninyo siya. Sa gayo'y ibinagsak nila siya: at ang iba sa kaniyang dugo ay pumilansik sa pader, at sa mga kabayo: at siya'y kaniyang niyapakan ng paa.34 At pagkapasok niya, siya'y kumain at uminom; at kaniyang sinabi, Tingnan ninyo ngayon ang sinumpang babaing ito, at ilibing ninyo siya: sapagka't anak ng hari.35 At sila'y nagsiyaon upang ilibing siya: nguni't wala na silang nasumpungan sa kaniya kundi ang bungo, at ang mga paa, at ang mga palad ng kaniyang mga kamay.36 Kaya't sila'y nagsibalik, at isinaysay sa kaniya. At kaniyang sinabi, Ito ang salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ng kaniyang lingkod na si Elias na Thisbita, na sinasabi, Sa bahagi ng Jezreel kakanin ng mga aso ang laman ni Jezabel:37 At ang bangkay ni Jezabel ay magiging gaya ng dumi na itinapon sa ibabaw ng bukid sa bahagi ng Jezreel; na anopa't hindi nila sasabihin, Ito'y si Jezabel."(2 Mga Hari 9:30-37

Sa aking mahal at minamahal:

Ngayon kapag tayo ay pinaguusig, ang paguusig ay nakadirekta sa atin patungo sa kalooban ng Diyos, Ang paguusig ay nakakasakit sa atin ngunit gagawing ganap din ang kalooban ng Diyos sa ating buhay at magaakay sa atin upang tuparin ang layunin ng Diyos. Naalala ko noong unang dumating ako sa bansang ito sa unang pagkakataon, Ako ay nag apply sa isang hospital sa isang lungsod at pumunta sa isang pang lungsod upang masuri at masubok. Maganda ang nagawa ko sa panayam at sa praktikal. Ngunit sila'y hindi tumugon sa akin. Kaya't lumapit ako sa isang kaibigan na nakakaalam sa kanila upang suriin ang sentro at kausapin niya sila sa kanilang wika, at kanilang sinabi sa kanya, paano mo nalaman ang taong iyon, sinabi niya sa kanila na siya ay nangungupahan sa parehong lugar na aming tinitirahan. Sinabi nila sa kanya na siya ay mabuti ngunit hindi namin hinayaan siyang tanggapin sapagkat siya ay Kristiyano. Ang insidenteng yaon ay nagdulot sa akin ng sakit dahil sa pagkaantala ng trabaho idagdag ang karagdagang salapi na aking kailangan upang ilaan sa pananatili dito, at ako ay walang trabaho at kita. Kaya't nagpatuloy akong nagapply at sa wakas ako ay nakapagtrabaho sa ibang

lugar kung saan ko nakilala ang aking may bahay. Muli sa lungsod na iyon sa hospital na aking pinagtatrabahuhan ako ay binalaan dahil ako ay nageebanghelyo, sa parehong araw na ako ay binalaan ako'y nakakuha ng ibang alok ng trabaho sa isang pambublikong hospital. Ako ay nagtrabaho sa hospital na yaon sa loob ng apat na taon, pagkatapos ako ay naterminate, at doon ang Diyos ay sinabi sa akin na huwag mag-apply sa anumang trabaho, kundi umupo at magturo at mula sa araw na yaon hanggang ngayon sa parehong lugar. Iniisip ko kung paanong ako ay naterminate, paano iyon naganap, at ang taong na gumawa niyon sapagkat ako'y nageebanghelyo din sa lugar na yaon. Ang Panginoon nang ako'y nagiisip niyaon, ibinigay Niya sa akin ang isang panaginip, at ang panaginip ay napakalinaw. Sa panaginip nakita ko ang isang kasangguni sa departamento ng surgical sinabi niya sa akin sa panaginip ikaw ay mabuti sa pananalangin at laging nananalangin sa iyong Diyos, ikaw ay nananalangin din sa aming mga panalangin, kaya manalangin ka sa iyong mga panalangin at manalangin din sa aming mga panalangin. Kaya nagising ako at alam ko paano nangyari ang aking terminasyon. Ang parehong tao pagkatapos ng ilang taon ay narinig ko na siya ay namatay. Hindi ako nagalit sa kanya, bagkus ako ay naniniwala sa Diyos na ginamit siya upang matupad ang kalooban ng kanyang layunin sa aking buhay. Pagkatapos kong umalis sa aking propesyon ako ay nakatanggap ng maraming katuruan mula sa Panginoon, na marami ang namuhi sa aking dahil sa katuruang yaon na aking natanggap.

Nawa ang Panginoon ay palakasin tayo at tulungan tayo upang malampas sa kritikal na pangyayari sa ating buhay na hindi tayo makikompromiso dahil takot tayo sa mga tao o dahil sa ating pagmamahal sa materyal na mga bagay.

Ang aking panalangin:

Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na namatay at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong salita na nagawa kong maunawaan ang iyong kalooban sa akin upang usigin, at kung paanong kailangan kong magtiis sa pagdadala ng mga panlalait, panunuya, pang-ekonomiyang pagalyansa, pananakit, paghihiwalay, at pisikal na pananakit ng mga tao. Panginoon salamat sa pagtuturo sa akin na sapilitan para sa akin upang usigin bilang patunay na ako ay nasa katotohanan at pangangaral at pamumuhay sa katotohanan.

Ating ipahayag sa Diyos ang ating mga kasalanan at mga maling gawain. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para iyong hindi pagpayag na usigin at sa iyong pagmamahal sa materyal na mga bagay ng higit sa Diyos. Hinggin sa Diyos ang kapatawaran sa iyong galit, sama ng loob, panghihina ng loob tungo sa paguusig na iyong natanggap. Hinggin sa Diyos na bigyan ka kahinuhuran, pagtitiyaga, at pagpipigil sa sarili upang magpatuloy na gawin ang tama at magdala ng bunga kahit nasa ilalm ng mga pangyayari ng paguusig.

Panginoon aking ipinapangko ang aking sarili upang sumunod sa iyong salitang ito na aking natanggap sa mensaheng ito upang maging isang tagapagdala ng bunga sa iyong ubasan, at upang maging handa na tiisin ang presyon ng paguusig, patawarin ang mga nagsasalita at gumawa ng masama laban sa akin. Panginoon tulungan mo akong payabungin pa ang pagibig, pagpapahinuhod, pagtitiyaga, at mahabang pagtitiis habang ako'y naghihintay sa pangalawang mong pagdating.

Panginoon, aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinaggap ang iyong Salita at handang mabuhay ang kanilang buhay para sa iyo at handang usigin alang alang sa iyong katuwiran. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang mga kailangan, Panginoon ilayo sila mula oras ng masama. Panginoon gumawa ka ng mga himala sa kanila at gawin silang magtiya upang maglingkod sayo. Panginoon ibigay sa kanila ang kagalakan, kaginhawaan, kasiguraduhan at kapayapaan. Panginoon bisitahin mo sila, itaas sila, at patibayin mo sila ng iyong biyaya at sa panahon ng paguusig, habang sila'y handang harapin ang kasalanan at gawin ang iyong kalooban. Panginoon gantimpalaan sila at pagpalain sila sa paguusig na kanilang natatanggap at pagtitiis.

Panginoon pagpalain at itaguyod ang aming simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon protektahan kami mula sa mga namumuhi sa amin dahil sa iyong Salita at sa nagnanais na maghiganti sa amin. Panginoon ilayo kami sa sakit at mga gulo. Panginoon bigyan mo pa kami ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang maging handang magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon, kami'y nananalangin na bigyang daan upang makapagtanim ng bagang pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligats kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.